REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-209

KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG HALAGANG LIMAMPUNG LIBONG PISO (P50,000.00) UPANG MAIPAGKALOOB BILANG TULONG SA ATING MGA KABABAYAN SA IBA't-IBANG LUGAR NA LUBHANG NASALANTA AT NAAPEKTUHAN NG PAGSABOG NG MT. PINATUBO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, bilang nagkakaisang mamamayan sa isang tinatanging bansa ay tungkulin ng bawat isa ang magmahalan at magtulungan lalo na sa panahon ng kagipitan;

SAPAGKAT, ang pinsalang dinulot sa mga bayan at lungsod ng pagsabog ng Mt. Pinatubo ay lubhang malawak at ang laki ng halaga ng mga ari-ariang sinalanta at buhay na kinuha ay mahirap tuusin;

SAPAGKAT, ang naunang tulong na maipagkakaloob sa mga kalunos-lunos na biktima ng pagsabog ng mapinsalang bulkan ay lubos na inaasahan upang maibsan ng kahit kaunti ang kanilang paghihirap na dinaranas sa kasalukuyan;

SAPAGKAT, alinsunod sa Memorandum Circular Bilang 91-42 ni Kalihim Luis T. Santos ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal na inaatasan ang lahat ng mga Regional Directors, Provincial Governors, City at Municipal Mayors at Barangay Captains na humingi ng mga boluntad na kontribusyon at donasyon para sa mga biktima ng pagsabog ng Mt. Pinatubo sa kanilang nasasakupan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na gumawa ng kapasiyahan na naglalaan ng halagang Limampung Libong Piso (P50,000.00) upang maipagkaloob bilang tulong sa ating mga kababayan sa iba't-ibang lugar na lubhang nasalanta at naapektuhan ng pagsabog ng Mt. Pinatubo.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA sa kanilang pang 168th regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Agosto, 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts